



BC Centre for Disease Control  
An agency of the Provincial Health Services Authority

## LINEZOLID LINEZOLID

Ang Linezolid ay isang antibiotic na ginagamit sa paggamot ng tuberculosis (TB) o ibang mga impeksyon na may kinalaman dito.

### Kailan ko ito dapat inumin? (When should I take this?)

- Inumin ang gamot na ito sa parehong oras bawat araw. Makakatulong ito sa iyo na matandaang inumin ang gamot.

### Paano ko ito dapat inumin? (How should I take this?)

- Inumin ito tulad ng iniutos ng iyong doktor.
- Mahalagang-mahalagang inumin mo nang regular ang gamot na ito.
- Ang gamot na ito ay maaaring inumin nang may pagkain o wala.

### Ano ang dapat kong gawin kung nakaligtaan ko ang isang dosis? (What should I do if I miss a dose?)

- Kung nakaligtaan mo ang isang dosis, inumin ang dosis na iyon oras na natandaan mo. Pero kung halos panahon na para sa dosis ng sumusunod na araw, laktawan ang nakaligtaang dosis.
- **Huwag doblehin ang dosis.**

### Mayroon ba akong dapat iwasan habang iniinom ko ito? (Is there anything I should avoid when taking this?)

- Iwasan ang mga pagkain o inumin na may mataas na tyramine content tulad ng aged, fermented, pickled, smoked, o yeast products (halimbawa, aged cheeses; sauerkraut; cured, air-dried, o processed meats; bouillon cubes; soy sauce; fish sauce; kimchi; miso soup; tap beers; wine; avocado; fava beans; sobrang hinog na prutas; o mga pagkaing sira o hindi wastong itinago).

**PAUNAWA: Hindi ito kompletong listahan; para sa karagdagang dietary information, kontakin ang HealthLink**

### BC sa 8-1-1.

- Iwasan ang anumang gamot para sa sipon o flu, na naglalaman ng decongestants tulad ng pseudoephedrine (halimbawa, Advil® Cold and Sinus, Claritin® Allergy + Sinus, NeoCitran® Ultra Strength Total Flu Night)

Sabihin sa iyong doktor, nars, at parmasyotiko **kung umiinom ka ng anumang ibang mga gamot**, kabilang ang anumang mga produkto na nabibili nang walang reseta at natural health products.

### Ano ang ilan sa posibleng side effects o mga masasamang epekto? (What are some possible side effects?)

- Pagtatae
- Alibadbad
- Pagsusuka
- Sakit ng ulo
- Pagkahilo
- Pagbabago sa lasa
- Mahapdi, nangingilig, o pamamanhid sa iyong mga kamay o paa
- Vaginal yeast infection, kulay puti na mga bahagi sa bibig, o pag-iba ng kulay ng dila

Sabihin sa iyong doktor ang anumang side effects na mararanasan mo.

➔ Pahina 2



BC Centre for Disease Control  
An agency of the Provincial Health Services Authority

**Mag-ingat: Itigil ang pag-inom ng gamot na ito at tawagan kaagad ang iyong doktor o nars kung nakakaranas ka ng mga sumusunod na sintomas: (Stop taking this medicine and call your doctor or nurse immediately if you experience the following symptoms)**

- Singaw sa balat, pantal, pangangati, pamamaga, paghuni ng hininga, paninikip ng dibdib, kahirapang huminga
- 'Di-karaniwang pagdurugo o pasa-pasa, sobrang pagkapagod o panghihina, kakulangan ng paghinga, lagnat at panginginig, o masakit na lalamunan
- Sobrang taas ng presyon
- Sobrang sakit sa ulo
- Anumang pagbabago sa iyong paningin, kabilang ang mga pagbabago sa pagtingin sa kulay
- 'Di-karaniwang pananakit sa kalamnan, o pulikat, pagkapagod o panghihina, panlalamig, kirot sa tiyan na mayroon o walang pagsusuka, kahirapang huminga, o 'di-regular na pagtibok ng puso
- Pagkalito, pagkabalisa; hindi mapakali, panginginig, lagnat, mabilis na tibok ng puso, pamumula, sobrang pawis, pagkahilo, o mga pagbabago sa balanse o koordinasyon, mga pagbabago sa katayuan ng kaisipan/mood, sobrang pagkasira ng tiyan, pagsusuka, pagtatae, pagkibot ng mga kalamnan, pagiging sensitibo sa ilaw, o kaya seizures

**Sabihin sa iyong doktor kung nakakaranas ka ng anumang mga 'di-karaniwang sintomas na hindi nabanggit sa papel na impormasyon na ito.**

**Ano pa ang dapat kong malaman tungkol sa pag-inom ng Linezolid? (What else do I need to know about taking Linezolid?)**

- Mahalagang magpunta ka sa lahat ng **mga lab test na iniutos** ng iyong doktor at na puntahan mo ang lahat ng iyong mga appointment sa iyong health care provider.
- Sabihin sa iyong health care provider kung ikaw ay **buntis**, nagplapanong magbuntis, o kung nais mong **pasusuin** ang iyong sanggol.
- Sabihin sa iyong healthcare provider kung dati ka nang nagkaroon ng seizures.

**Saan ko dapat itago ang gamot na ito? (Where should I store this medication?)**

- Ilayô ito sa maaabot ng mga bata.
- Protektahan ito mula sa ilaw at moisture o kahalumigmigan.
- Itago sa temperatura ng kuwarto sa isang malamig at tuyong lugar.

**Saan ako tatawag kung ako'y mayroong ibang mga katanungan? (Where do I call if I have any other questions?)**

Ang iyong doktor, clinic, o Public Health Unit: \_\_\_\_\_

Vancouver TB Services Clinic: 604-707-2692

New Westminster TB Services Clinic: 604-707-2698

BCCDC Vaccine and Pharmacy Services: 604-707-2580